



PAPEL-IMPORMASYON

Mga responsibilidad ng PCBU

Ano ang isang negosyo o proyekto?

Maging negosyo man o proyekto ang isang organisasyon ay magdedepende sa mga sirkumstansya ng bawat kaso. Gayunpaman, maaaring makatulong ang mga sumusunod na kahulugan:

- karaniwan, ang mga negosyo ay naglalayong kumita ng tubo at may antas ng pag-organisa, sistema at pagpapatuloy.
- ang mga proyekto ay maaaring may mga elemento ng pag-organisa, mga sistema at posibleng may pagpapatuloy, ngunit karaniwan ay walang anyong komersyal o layong kumita ng tubo.

Ano ang kahulugan ng isang taong nagpapatakbo ng negosyo o proyekto (PCBU)?

Sa ilalim ng mga batas ng kalusugan at kaligtasan sa trabaho (work health and safety - WHS), ang isang tao ay maaaring isang indibidwal gaya ng sole trader (solong nangangalakal) o taong nagtatrabaho para sa sarili, o isang entidad gaya ng body corporate (kumpanya), kumpanyang hindi inkorporada, asosasyon o isang sosyohan (partnership). Ang mga indibidwal na nasa isang partnership na nagpapatakbo ng negosyo ay maaaring maging isa-isa o sama-samang PCBU.

Ang isang taong nagpapatakbo ng negosyo o proyekto maging ito man ay ginagawang mag-isa o kasama ng iba, at maging ito man ay para sa tutubuin o pakinabang.

Mga salik sa pagtiyak kung may pinapatakpong negosyo o proyekto

- Mga elemento ng pag-organisa, sistema at pagpapatuloy na kaugnay sa paggawa ng trabaho
- Mga elemento ng pagkontrol sa lugar kung saan gagawin ang trabaho, sa paraan ng paggawa ng trabaho, o sa manggagawa na magsasagawa ng trabaho.

Paglalarawan ng trabaho

Dahil hindi inilarawan sa WHS Act ang trabaho, ito ay may ordinaryong kahulugan. Ang trabaho ay isang aktibidad na kinapapalooban ng pagsisikap ng isip o katawan upang makamit ang layunin o resulta.

Ang isang aktibidad na pang-domestiko, panlibangan o panlipunan ay maaari ring ituring na trabaho ngunit ang mga ito ay malamang na hindi maisama sa mga tungkulin ng PCBU kung ang mga aktibidad ay bahagi ng pagpapalakad ng isang sambahayan o pang-araw-araw na buhay ng isang tao kaysa nagaganap kaugnay sa isang lugar ng trabaho.

Tungkulin ng pangangalaga (Duty of care)

Ang duty of care ay isang ligal na obligasyon sa paggawa ng makatwirang mga hakbang upang tiyakin ang kalusugan at kaligtasan ng ibang tao.

Mga manggagawa

Ang mga manggagawa ay hindi lamang ang mga may bayad na empleyado, ngunit kabilang ang mga kontratista, sub-contractor, mga inupahang manggagawa, apprentice, volunteer at ang mga nagsasagawa ng work experience. Ang isang PCBU ay maaari ring isang manggagawa.

Ang isang PCBU ay may pangunahing tungkulin ng pangangalaga sa mga manggagawa habang sila ay nasa negosyo o proyekto, kung ito ay:

- kumukuha o nagsasanhi sa pagkuha ng mga manggagawa upang magsagawa ng trabaho
- nag-aatas o nag-iimpluwensya sa mga manggagawa na gumagawa ng trabaho.

Iba pa

Ang PCBU ay mayroon ding pangunahing tungkulin ng pangangalaga upang tiyakin, hangga't makatwirang maisasagawa, na ang kalusugan at kaligtasan ng ibang tao ay hindi malalagay sa panganib mula sa trabahong ginagawa bilang bahagi ng pagpapatakbo ng negosyo o proyekto, gaya ng mga bisita o publiko.

May tungkulin ding umiiral kung ang isang PCBU ay nagbibigay ng serbisyong WHS sa isa pang PCBU upang tulungan silang matugunan ang kanilang mga obligasyon sa ilalim ng WHS Act. Maaaring kabilang sa isang serbisyong WHS ang:

- mga rekomendasyon o payo
- pagsusuri o pag-aanalisa
- mga ulat, plano, programa, istratehiya o patnubay
- pagsasanay o edukasyon.

Ang WHS Act ay naglalapat ng karagdagang mga tungkulin sa ilang mga PCBU na nagkokontrol ng mga lugar ng trabaho o mga 'upstream' duty holder (mga nasa hanay ng suplay na may hawak na tungkulin) gaya ng mga taga-disenyo, tagagawa at taga-angkat ng planta at mga sangkap.

Ang mga tungkuling ito ay maaaring mailapat sa isang PCBU kung ito ay:

- namamahala o may pagkontrol sa mga lugar ng trabaho, o mga nakapirming kagamitan, di-nakapirming kagamitan o planta sa mga lugar ng trabaho
- nagdidisenyo, gumagawa, nag-aangkat o nagsusuplay ng planta, mga sangkap o istraktura na ginagamit sa trabaho
- nag-iinstala, nagtatayo o nagkokomisyon ng planta o mga istraktura na ginagamit sa trabaho.

Bilang buod

Sa ilalim ng WHS ACT, dapat tiyakin ng mga PCBU ang kalusugan at kaligtasan ng mga manggagawa sa pamamagitan ng pag-aalis ng mga panganib sa kalusugan at kaligtasan, hangga't makatwirang maisasagawa. Kung hindi makatwirang maisasagawa ang pag-aalis ng isang panganib, dapat bawasan ang mga panganib hangga't makatwirang maisasagawa.

Para sa karagdagang impormasyon, tingnan ang [*Nagpapaliwanag na patnubay: Ang kahulugan ng 'taong nagpapatakbo ng negosyo o proyekto' \(Interpretive guideline: meaning of 'person conducting a business or undertaking' \(PCBU\).*](#)

Ito ay isang maikling gabay. Ang mga may hawak ng tungkulin ay dapat sumangguni sa *Work Health and Safety Act 2020* at sa mga kaugnay na regulasyon para sa lubos na pag-unawa ng mga tungkulin at responsibilidad.